



# PATNUBAY SA MISA



19 Disyembre 2017

SIMBANG GABI – Ikaapat na Araw

Taon B

## MAGTIWALA TAYO SA DIYOS

*S*a ikaapat na araw ng ating nobena, pinaaalalahanan tayong kung minsan, hinahamon ng Diyos ang mga taong magtiwala sa Kanya kahit na tila “imposible” ang Kanyang mga plano. Ang salaysay tungkol sa pag-aalinlangan ni Zacarias ay babala sa atin na ang mga nagdududa sa salita ng Diyos ay maiwang magpatotoo, kahiya-hiya at di-makakibo, sa katuparan ng banal na plano. Sa kabilang dako, ang nagsisitanggap sa plano ng Diyos nang buong pananalig at handang makipagtulungan sa Kanya ay magiging kasangkapan ng Kanyang pag-ibig at kapangyarihan.

Hinahamon tayo ng liturhiya ngayon upang mamili sa pagiging manonood ng mga kamanghaan at kadakilaan ng Diyos o pagiging masisigla Niyang katulong sa pagliligtas.

Sa liturhiya ngayon, inaanyayahan din tayong magnilay at magdasal para sa mga matatanda at mga walang anak sa ating mga pamilya. Nakasalalay ang kanilang kaligayahan sa kung paano natin sila pinakikitunguhan.



### PASIMULA



#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang paririto’y darating, hindi siya mabibimbin. Ang pangamba’y matitigil sapagkat makakapiling ang Tagapagligtas natin.**

#### Pagbati

**P** –Pagpalain ang Panginoong Diyos na bukal ng lahat ng buhay at pag-asa. Sumainyong lahat ang Kanyang biyaya at kapayapaan!

**B** – At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** –Natitipon bilang mag-anak ng Diyos sa ikaapat na araw ng ating Nobena, tayo’y buong pananalig na manalangin sa Panginoon para sa Kanyang pagpapatawad at lakas. *(Manahimik sandali.)*

**P** –Para sa mga pagdududa namin sa kapangyarihan ng iyong

salita, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa mga pagdududa namin sa katapatan ng iyong pag-ibig, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa mga pagdududa namin sa katalinuhan ng iyong mga plano, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** – Amen!

#### Papuri

**B** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalanging Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, minarapat mong mahayag ang iyong kadakilaan sa pagsisilang ng Mahal na Birhen para sa sanlibutan. Ang dakilang misteryong ito ng pagkakatawang-tao ng Anak mo ay mapag-ukulan nawa namin ng lubos na pananalig at maipagdiwang namin nang may di magmamaliw na pag-ibig

sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B—Amen!**

**PAGPAPAHAYAG  
NG SALITA NG DIYOS**



**Unang Pagbasa** *Huk 13:2-7.  
24-25*

*Ang pambihirang paglililihi kay Samson ng isang babaeng baog ay nagbabadya ng daraing na paglililihi kay Juan Bautista ng isang matanda at baog na si Elisabet.*

**L—**Pagpapahayag mula sa Aklat ng mga Hukom

Noong mga araw na iyon, sa bayan ng Zora ay may isang lalaking Manoa ang pangalan, kabilang sa lipi ni Dan. Ang asawa niya ay hindi magkaanak. Minsan, napakita sa babae ang anghel ng Panginoon, at sinabi, “Hanggang ngayo’y wala kang anak. Ngunit hindi magtatagal, maglililihi ka at manganganak. Mula ngayon ay huwag kang iinom ng anumang uri ng alak ni titikim ng anumang bawal na pagkain. Kung maipanganak mo na siya, huwag mong papuputulan ng buhok pagka’t mula pa sa kanyang pagsilang ay itatalaga na siya sa Diyos. Siya ang magsisimulang magligtas sa Israel mula sa mga Filisteo.”

Ang babae’y lumapit sa kanyang asawa at kanyang sinabi, “Napakita sa akin ang isang propeta ng Diyos, parang anghel. Kinikilabutan ako! Hindi ko tinanong kung tagasaan siya at hindi naman niya sinabi kung sino siya. Huwag daw akong iinom ng alak ni titikim ng anumang bawal na pagkain pagka’t ang sanggol na isisilang ko’y itatalaga sa Diyos.”

Dumating ang araw at nanganak ang asawa ni Manoa. Lalaki ang sanggol at pinangalanan nilang Samson. Lumaki ang bata na patuloy na pinagpapala ng Panginoon. Ang Espiritu ng Panginoon ay lumukob kay Samson.

Ang Salita ng Diyos!  
**B—**Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** *Awit 70*  
**B—**Lagi kong papupurihan ang iyong kapangyarihan!

*R. M. Velez*



La-gi kong pa-pu-pu-ri-han ang i-



yong kapang-ya-ri-han!

\* Ikaw nawa ang muog ko at ligtas na kakanlungan, matatag na kublitan ko at matibay na sanggalang. Sa lahat ng masasama, O Diyos, ako’y ipaglaban. **B.**

\* Panginoon, sa iyo ko inilagak ang pag-asa, maliit pang bata ako, sa iyo’y may tiwala na; sa simula at mula pa wala akong inasahang mag-iingat sa sarili, kundi tanging ikaw lamang. **B.**

\* Pagkat ikaw, Panginoon, ay malakas at dakila, ang taglay mong katangia’y ihahayag ko sa madla. Sapul pa sa pagkabata ako’y iyong tinuruan, hanggang ngayo’y sinasambit ang gawa mong hinangaan. **B.**

**Aleluya**

**B—**Aleluya! Aleluya!

Sanga kang ugat ni Jesse,  
taga-akay ng marami,  
halina’t tubusin kami.

**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 1:5-25*

*Ang paglililihi kay Juan Bautista ay mahalagang hakbang sa katuparan ng plano ng Diyos pagkat ang misyon ni Juan ay may malaking kaugnayan sa misyon ng Mesiyas. Ang pahayag kay Zacarias ay nagbabadya sa magiging Pagpapahayag ng anghel kay Maria sa Nazaret.*

**P—**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

**B—**Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong si Herodes ang hari ng Judea, may isang saserdote na ang ngala’y Zacarias, sa pangkat ni Abias. At mula rin sa lipi ni Aaron ang kanyang asawang si Elisabet. Kapwa sila kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, namumuhay nang ayon sa mga utos at tuntuning mula sa Panginoon. Wala silang anak sapagkat baog si Elisabet, at sila’y matanda na.

Ang pangkat ni Zacarias ang nanunungkulan noon, at siya’y naglilingkod sa harapan ng Diyos bilang saserdote. Nang sila’y magsapalaran, ayon sa kaugalian ng mga saserdote, siya ang nahirang na maghandog ng kamanyang. Kaya’t pumasok siya sa templo ng Panginoon sa oras ng pagsusunog ng kamanyang,

samantalang nagkakatipon sa labas ang mga tao at nananalangin. Walang anu-ano’y napakita sa kanya ang isang anghel ng Panginoon, nakatayo sa gawing kanan ng dambanang sunugan ng kamanyang. Nagulat si Zacarias at sinidlan ng matinding takot nang makita ang anghel. Ngunit sinabi nito sa kanya, “Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang panalangin mo. Kayo ni Elisabet ay magkakaanak ng isang lalaki, at Juan ang ipangangalan mo sa kanya. Ikaw ay matutuwa at magiging maligaya, at marami ang magagalak sa kanyang pagsilang sapagkat siya’y magiging dakila sa paningin ng Panginoon. Hindi siya iinom ng alak o anumang inuming nakalalasing. Sa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina, mapupuspos na siya ng Espiritu Santo. Marami sa mga anak ng Israel ang panunumbalikin niya sa kanilang Panginoong Diyos. Mauuna siya sa Panginoon, taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang pagkasunduin ang mga ama at ang mga anak, at panumbalikin sa daan ng matuwid ang mga suwail. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon.”

Sinabi ni Zacarias sa anghel, “Paano ko po matitiyak na mangyayari ito? Sapagkat ako’y napakatanda na at gayon din ang aking asawa.” Sumagot ang anghel, “Ako si Gabriel na naglilingkod sa harapan ng Diyos. Sinugo ako upang ihatid sa iyo ang mabuting balitang sinabi ko na sa iyo. At ngayon, mabibingi ka’t hindi makapagsasalita hanggang sa araw na maganap ang mga bagay na ito, sapagkat hindi ka naniwala sa mga sinabi ko na matutupad pagdating ng takdang panahon.”

Samantala, naghihintay naman kay Zacarias ang mga tao. Nagtaka sila kung bakit nagtagal siya nang gayon sa loob ng templo. Paglabas niya ay hindi na siya makapagsalita, mga senyas na lamang ang ginagamit niya; kaya natanto nila na nakakita siya ng pangitain. At siya’y nanatiling pipi.

Nang matapos ang panahon ng kanyang paglilingkod ay umuwi na siya. Hindi nga nagtagal at naglihi si Elisabet, at hindi ito umalis ng bahay sa loob ng limang buwan. “Ngayo’y nilingap ako ng Panginoon,” wika ni Elisabet. “Ginawa niya ito upang alisin ang aking kadustaan sa harapan ng mga tao!”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B—**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

## Homiliya

### Panalangin ng Bayan

**P**—Pinasisigla ng interes ng Panginoon sa ating kabutihan, tayo'y dumulog ngayon sa Kanya kasama ng ating mga kahilingan habang nagsusumamo tayong:

**B**—Panginoon, nananalig kami sa Iyo!

\* Para sa lahat ng nananampalataya sa buong mundo: Nawa tanggapin nila ang Salita ng Diyos nang may pakumbabang pananalig at isabuhay nila ito. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa Santo Papa at lahat ng ibang pinunong relihiyoso at sibil: Nawa maging inspirasyon sa lahat ang kanilang halimbawa ng katapatan at bukas-palad na paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa lahat ng magulang, guro, at katekista: Nawa makita nila sa lahat ng bata ang mahahalagang biyaya ng Diyos at palakihin at patnubayan sila alinsunod sa kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga matatanda sa ating mga mag-anak at pamayanan: Nawa patuloy silang maghandog ng katalinuhan at panalangin at kailanman ay di mag-alinlangan sa tanging pagmamahal sa kanila ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga mag-asawang walang anak: Nawa isaalang-alang nila ang pag-aampon sa ilan sa libu-libong sanggol na tinatangihan ng kanilang mga magulang. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**—Panginoon, buksan Mo ang aming mga puso sa pagtanggap sa Iyong Salita nang buong pananalig, bukas-palad, at naniwalang hangad Mo ang aming kabutihan at walang imposible sa Iyo. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

**B**—Amen!

**PAGDIRIWANG  
NG HULING HAPUNAN**



**P**—Manalangin kayo . . .

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, tung-hayan mo ang mga nakahain sa dambana. Itong aming abang nakayanan ay magkamit nawa ng kapupunang kabanalan na idinudulot ng iyong kapangyarihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

### Prepasyo ng Adbiyento II

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalangin lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, santo, santo . . .

### Pagbubunyi

**B**—Aming ipinahahayag na matay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

**PAKIKINABANG**



**B**—Ama namin . . .

**P**—Hinihiling namin . . .

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**—Kordero ng Diyos . . .

### Paanyaya sa Pakikinaabang

**P**—Ito ang Panginoong Hesus na nag-aalaga sa mga pinabayaan at inalipusta. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ang araw ng kaligtasan ay magbubukang-liwayway upang tayo'y masilayan at patnubayan sa daan ng kanyang kapayapaan.

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**—Ama naming mapagmahal, bilang pagtanaw ng utang-na-loob sa aming pinagsaluhan, kami ay panatilihin mong nananabik sa mga darating mong bigay upang mapaghandaan naming tanggapin nang marangal ang pagsilang ng aming Manunubos na mahal na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

**PAGWAWAKAS**



**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin!

**P**—Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Puspusin nawa kayo ng Diyos ng paggalang at kalinga para sa matatanda.

**B**—Amen!

**P**—Tibayan Niya nawa ang inyong pananampalataya sa Kanya.

**B**—Amen!

**P**—Tulutan Niya nawa na gawin kayong maligaya sa inyong pag-asa at walang pagod sa pagmamahal sa inyong buong buhay.

**B**—Amen!

**P**—Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**—Amen!

**P**—Humayo kayo upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

**B**—Salamat sa Diyos!

# Si Zacarias na Mapaghinala

**S**i Zacarias ay naging mabuting tao sa kanyang buong buhay. Siya at ang kanyang asawang si Elisabet, ayon kay Lucas na Ebanghelistang, ay makatuwiran at banal sa mata ng Diyos, palibhasa'y tapat sila sa lahat ng kautusan ng Diyos. (Sangguniin ang *Ebanghelyo natin ngayon*.) Gayon ang sukat asahang mangyari pagkat si Zacarias ay buhat sa angkan ni Levi at paminsan-minsan ay nakatutupad sa mga tungkulin ng mga saserdote sa Templo. Malamang ding noong siya'y bata pa, siya man ay "nangarap" na tulad ng ibang kabataan. **Ngunit sapagkat si Elisabet ay di nakapagdulot sa kanya ng anak**, sa paglipas ng mga taon, **si Zacarias man ay tumanda at nanamlay na rin**. Sa palagay niya'y wari siyang napagkaitan ng pribilehiyong magkaroon ng sariling anak. Di rin malayong siya'y nanaghili sa ibang tahanang pinasasaya ng masisiglang kabataan.

Marahil naghinanakit din siya sa Diyos lalo't **hindi niya maipaliwanag kung bakit di sila biniyayaan ng anak sa kabila ng kanilang pagiging madasalin at mabait** – di-tulad ng ibang di naman kabaita'y di pa rin napagkaitan ng anak. Subalit sa huli, natanggap na rin niya ang di na niya mababago bagamat siya ay naging mapaghinala. Nawalan siya ng interes sa buhay ngayong alam niyang di na siya papalaring magkaanak pa. Tanging pag-asa niya'y mamatay sa piling ng kanyang asawa.

Kaya mauunawaan kung bakit gayon na lamang ang kanyang reaksiyon **sa pahayag sa kanya ng anghel sa isang pangitain sa templo**, tulad ng isinasalaysay sa Ebanghelyo ngayon. Tunay na **nakapagpalukso ng kanyang damdamin** ang ipinahayag sa kanyang tungkol sa pagsilang ng magiging tagapanguna sa matagal nang hinihintay na Mesiyas, isang bagong Eliseong may misyong maghanda sa mga tao para sa pagdating ng Mesiyas. Ang gayong balita ay sukat ngang makapagpalukso sa tuwa at pasasalamat sa Panginoon maging sa pinakamakapangyarihang tao sa Israel.

**Gayunman, ang matandang si Zacarias ay sumagot sa paraang nagpahalata sa kanyang pagka-mapaghinala**. "Paanong magkakagayon?" Na katumbas ng pagsasabing "Impossible iyan! Matanda na kaming mag-asawa!" Sa pamantayang pantao, tama nga siya. Ngunit bilang isang banal na Judio

at saserdote ng Panginoon, dapat sana'y naunawaan niya ang lahat. **Dapat alam niyang ang Panginoon ng Israel ay may kapangyarihang gumawa ng anuman, kahit na ang inaakala nating "impossible."** Ito'y pinatutunayan ng buong pangyayari sa *Exodo*; gayundin ng pagbabalik buhat sa pagkakapatapon sa Babilonia. Gayon nga ang paulit-ulit na mensahe ng mga propeta – isang paanyaya para magtiwala at sumunod sa Diyos na may kakayahang gumawa ng mga "impossible."

Ang kaawa-awang si Zacarias sa kanyang katandaan ay kulang na sa matibay at masiglang pananalig sa Diyos. Pinanlabo na ng katandaan ang kanyang pananaw sa maaari pang magawa o hindi na kayang gawin ng isang matandang tulad niya. Dahil dito, siya'y napipi . . . di naman panghabang-buhay kundi hanggang sa mapagtanto niya ang katotohanan ng mensahe ng anghel, gaya ng ating mapatutunayan sa ilang araw na darating.


**Ilan sa atin ang tulad ng matandang si Zacarias?** Kay-rami nang mga Kristiyano ngayong **di na naniniwalang walang imposible sa Diyos** at namumuhay sa paniniwala sa mga magagawa lamang nila at ng teknolohiya! Ganyan ang trahedyang mga taong di na naniniwala sa katunayan ng kapangyarihan ng Diyos.

Jess P. Balon

*Sino itong tinatawag nating Hesus?  
Ano ang nagawa niya?  
Basahin at alamin ang kanyang  
kahanga-hangang buhay.*

HE LIVED  
AMONG US

. . . tinatampukan  
ng magagandang  
larawang-guhit at  
mga siping hango sa  
Banal na Kasulatan . . .



Mabibili na ngayon sa **Word & Life Bookstore**



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org), [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua